

# Start ng “Mahabang Bakasyon sa Bahay!” Sa Lahat ng Residente ng Gifu:

## 1 2 buwan na ang nakalipas ng makumpirma ang unang pasyente ng COVID-19 sa prepektura

(149 naging infected, at 6 ang namatay)

(1) Ang COVID-19 ay maaaring makuha ng kahit na sino, kahit na anong oras at kahit saan.

### ① Lubhang nakakahawa

Mula sa 1 kumpirmado nagiging 47 katao!

### ② Madalas mahawa ang mga kapamilya, anuman ang edad

Ang 42 katao (approx. 30%) ay mga nakahawang kapamilya. Sa mga magkasambahay na 3 henerasyon din

### ③ Mula sa “Night Life” nadadala sa bahay at trabaho

68 infected na katao ang pinaniniwalaang sanhi ng night life

### ④ Impeksyon mula sa ibang bansa at prepektura

21 katao mula sa Aichi Prefecture, at 5 katao mula sa ibang bansa

### ⑤ Biglang Paglala

Mayroong mga kaso kung saan nagkakaroon ng impeksyon at namatay sa loob ng isang linggo!

(2) Kapag nahawaan ka

### ① Ipapasok sa ospital at ma- quarantine!

Sa kasalukuyan, wala itong gamot o bakuna.

Bawal ang bisita (bumisita). 2 linggo hanggang 1 buwan. At kung ito ay maging malubha, ito ay mapapatagal.

### ② Ang lahat ng kakilala tulad ng kapamilya, mga kasama sa trabaho, mga customer atbp. ay maaaring masuri at masubaybayan!

Sa kaso ng Kani City cluster, tinatayang 2,900 katao ang na-target.

### ③ Ang mga Business establishments ay sarado, mga tindahan ay sarado, linya ng produksyon ay hininto!

### ④ Ang pagtaas ng pasanin sa larangang medikal

Isang malaking pasanin sa mga Medical Staff na labis ng nagtatrabaho sa araw at gabi.

## 2 Para sa “Mahabang Bakasyon sa Bahay”

Sa magkakasunod na pista opisyal noong huling linggo ng Marso, bumaba ang pakiramdam ng pag-iingat at mabilis na kumalat ang impeksyon sa buong bansa, maging sa ating prepektura.

Sa kasalukuyan, sa kabila ng "Emergency Deklarasyon", ang pagbawas ng trapiko sa Gifu City ay halos 40 hanggang 50%. Malayo ito sa target na pagbawas ng 80% na contact opportunity.

Ang mahabang bakasyon na ito ay maximum ng 12 araw. Magtulungan tayo upang maiwasan ang paglaganap ng impeksyon at pahalagahan ang mga sumusunod:

### (1) Bawasan ng husto ang ‘contact’ sa ibang tao

Pigilan ang hindi kailangan paglabas, lalo na ang hindi mahalagang paglalakbay at paglabas-labas sa prepektura. Pigilan natin ang mga kamag-anak sa ibang prepektura mula sa hindi importanteng paglabas o pagpasyal.

### (2) Lumayo sa panganib ng impeksyon

Kahit na sa pamimili sa supermarket, atbp, na kinakailangan upang mapanatili ang pang araw-araw na buhay, mayroon paring mataas na panganib ng impeksyon (closed spaces, crowded spaces, close contact).

Bilang karagdagan, ang panganib ng impeksyon ay nadaragdagan kapag ang malaking bilang ng mga tao ay nagtitipon sa paglalaro sa labas tulad ng parke o pagba-barbecue sa ilog.

Halimbawa, upang maiwasan ang risk o panganib ng impeksyon, mamili ng mag-isa sa hindi mataong oras, magsuot ng mask, masusing paghuhugas ng kamay at panatilihin ang nararapat na distansya sa ibang tao.

### (3) Enjoy natin ang nasa bahay

I-enjoy ang “Mahabang Bakasyon sa Bahay” kasama ang buong pamilya, tulad ng panonood ng mga video ng arts, cultures, mga gawa mula sa Prefectural museum at paggamit ng Minamo TV.

Abril 24, 2020

Gifu Prefectural Governor

古田 肇

Governor Hajime Furuta